

MGA PANGKALAHATANG TUNTUNIN AT KUNDISYON SA PAGBEBENTA

Mga Kahulugan. Gaya ng paggamit sa mga tuntunin at kundisyon ng ito ("Mga Pangkalahatang Tuntunin"), ang mga sumusunod na salita ay tumutukoy sa mga sumusunod na kahulugan: Ang "Buyer" ay tumutukoy sa indibidwal o kumpanyang bumibili ng mga Produkto mula sa Seller; ang "Kontrata" ay tumutukoy sa kasunduang may legal na bisa sa pagitan ng Buyer at Seller para sa pagbebenta at pagbili ng mga Produktong napapailalim sa Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito; ang "mga Produkto" ay tumutukoy sa mga raw material, tapos na produkto, o iba pang item o mga item na ibebenta ng Seller sa Buyer; ang "Kabuuang Bayad" ay tumutukoy sa pagtanggap ng Seller sa nakakontraang presyo para sa mga produkto sa cash o cleared-in fund; ang "Quotation" ay tumutukoy sa non-binding na nakasulat na abiso ng Seller sa Buyer para magbigay ng impormasyon tungkol sa mga posibleng opsyon sa presyo ng mga Produkto; at ang "Seller" ay tumutukoy sa entidad ng Sensient na nag bebenta ng mga Produkto sa Buyer ayon sa Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito. Ang Seller at ang Buyer ay mga Partido at kung magkasama, tutukuyin ang mga ito bilang "Mga Partido."

Aplikasyon ng Mga Pangkalahatang Tuntunin. Maliban kung malinaw na iba ang napagkasunduan ng mga Partido, sasaklawin ng Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Kontratang ito at papangibabawan at ipapawalang-bisa nito ang lahat ng mga tuntunin at kundisyon ipinapahiwatig sa batas, kinagawian, o dating transaksyon. Ang pagtanggap ng Seller ng anumang alok ng Buyer na bilhin ang mga Produkto ay malinaw na nakadepende sa pagsang-ayon ng Buyer sa Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito, kabilang ang anumang tuntuning karagdagan o naiiba sa nakasaad sa alok na bilhin ng Buyer. Ang Pagtanggap sa Purchase Order at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito ay ituturing na tinatanggap kaagad ng Buyer maliban kung tatanggihan ito sa pamamagitan ng sulat bago ang pagpapadala ng mga Produkto at bubuo ito ng Kontrata na napapailalim sa Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito. Sa kabila ng anumang probisyong nakasaad dito, ang Quotation ay hindi ituturing na alok o counter-offer ng Seller upang magbenta ng anumang Produkto at hindi rin nito itinatili ang Seller sa anumang presyong hindi malinaw na nakasaad sa Kontrata.

Pagtaas ng Gastos sa Produksyon/Pagwawakap. Magagawa ng Seller, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso sa Buyer anumang oras pagkatanggap at bago ang delivery, na taasan ang presyon ng mga Produkto upang maisama ang anumang pagtaas sa gastos ng Seller sa paggawa o pag-deliver ng mga Produkto. Kung mahigit sa sampung (10) porsiyento ng pagtaas ng presyo ang nakasaad sa abiso ng Seller sa Buyer sa ilalim ng Seksyong ito, magagawa ng Buyer, sa loob ng pitong (7) araw pagkatanggap nito ng nasabing abiso, na wakasan ang nauugnay na Kontrata sa pamamagitan ng nakasulat na abiso sa Seller, iyon ay kung matatanggap ng Seller ang abisong iyon bago ang delivery ng mga Produkto.

Pag-deliver, Title, at Pananagutan sa Pagkawala. Ang mga Produkto ay ide-deliver ng EXW (Incoterms 2020) Pasilidad ng Seller maliban kung ang kabaligtaran nito ang tutukuyin. Anuman ang iba pang probisyong nakasaad dito, bibigyan ng Buyer ang Seller ng security interest sa mga Produkto at lahat ng produkto at proceed nito hanggang sa matanggap ng Seller ang Kabuuang Bayad. Sa pagitan ng panahon ng delivery at Kabuuang Bayad, papanatilihin ng Buyer na nakahiwalay ang mga Produkto sa ibang mga Produkto ng Buyer at mga third party at titiyakin nitong maayos na nakaimbak, may proteksyon, at may insurance ang mga ito. Sa loob ng panahong iyon, kung ibebenta ulit o gagamitin ng Buyer ang mga Produkto sa karaniwang pagnegosyo nito, iuulat ng Buyer sa Seller ang kinita sa anumang pagbebenta o pag-aalis ng mga Produkto, kabilang ang kinita sa insurance, at ihihiwalay nito ang lahat ng kinita sa ngalan ng Seller mula sa iba pang pondong.

Mga Tuntunin sa Pagbabayad. Babayaran ng Buyer ang lahat ng invoice nang kompleto at walang batas, set off, o counterclaim sa loob ng tatlumpong (30) araw mula sa petsa ng invoice. Magagawa ng Seller, ngunit hindi ito inoobliga, na magbigay ng mga tuntunin ng credit sa Buyer. Ang pagtanggap sa anumang order ay napapailalim sa pag-apruba ng Seller sa pinal na credit. Nakalaan sa Seller ang karapatang kanselahin ang anumang Kontrata kung matutukoy ng Seller na hindi makakapagbayad ang Buyer para sa anumang Produkto. Nakalaan sa Seller ang karapatan, sa sariling pagpapasya nito at nang walang paunang abiso, na tanggihan, baguhin, o limitahan ang halaga o haba ng credit na ibibigay sa Buyer, sa pangkalahatang man o sa isang partikular na purchase order, at maaari itong humingi ng mga paunang pagbabayad sa cash o security na naaangkop sa Seller. Maaaring maningil ang Seller ng interes sa anumang halagang lumampas sa takdang panahon ng pagbabayad sa rate na katumbas ng mas mababa sa 1.5% kada buwan na maiipon kada araw at sa maximum na rate na pinapahintulutan ng naaangkop na batas, na kinalukha mula sa araw kung kailan dapat magbayad hanggang sa matanggap ng Seller ang Kabuuang Bayad. Kung lalampas sa takdang petsa ng pagbabayad ang anumang halaga, maaaring ideklara ng Seller ang lahat ng halaga na dapat bayaran ng Buyer sa ilalim ng lahat ng Kontrata bilang dapat kaagad na bayaran, at magkakaroon ito ng lahat ng karapatan at bayad-pinsalang ipinagkakaloob ng batas. Magiging pananagutan ng Buyer ang lahat ng gastos, bayarin, at fee, kabilang ang mga makatwirang bayad sa abogado at bayad sa serbisyo ng propesyonal na pangongolekta, na nagastos ng Seller sa pagkuha ng mga halagang lumampas sa takdang petsa. Maliban kung sumang-ayon ang Seller sa kabaligtaran, ang Buyer ang magbabayad sa mga gastos sa pag-deliver ng mga Produkto. Babayaran ng Buyer ang lahat ng buwis sa pagbebenta, paggamit, excise na buwis o mga katulad na buwis, at ang iba pang singil, na kailangang bayaran, o kolektahin at i-remit ng Seller, sa anumang pamahalaan (pambansa, pang-estado, o lokal) at na ipinapatupad o sinusukat ayon sa pagbebenta. Walang pagbabayad sa pamamagitan ng tseke, bill of exchange, o iba pang negotiable instrument ang ituturing na natanggap na ng Seller hangga't hindi kinikilala ang tseke, bill of exchange, o instrument bilang kabayaran.

Limitadong Warranty. Sa mga produkto na ginawa ng Sensient at ibinibenta sa ilalim ng kontratang ito at napapailalim sa mga tuntunin sa ibaba na may pamagat na "Inspeksyon," ginagarantiya ng Seller na ang mga nasabing produkto ay susunod sa mga napagkasunduang specification. ANG MGA WARRANTY NA ITINAKDA DITO AY ANG MGA TANGING WARRANTY NA GINAWA NG SELLER KAUGNAY NG MGA PRODUKTO AT MGA KABILANG NA TRANSAKSYON BILANG RESULTA NG PAGBEBENTANG ITO. WALANG IBANG WARRANTY O PAGKATAWAN SA BUYER O SINUPAMANG TAO ANG GAGAWIN NG SELLER SA ANUMANG PARAAN, INIHAHAYAG MAN O PINAPAHIWATIG, KAUGNAY NG MGA PRODUKTO, AT PARTIKULAR NA ITINATANGGI NG SELLER ANG LAHAT NG IPINAPAHIWATIG NA WARRANTY KABILANG ANG, AT HINDI LIMITADO SA, MGA IPINAPAHIWATIG NA WARRANTY NG ANGKOP NA PAGBENTA AT PAGGAMIT. ANG MGA PRODUKTONG IBINEBENTA SA ILALIM NITO AY IBINIBENTA LAMANG SA MGA PANUNTUNAN NA PARTIKULAR NA ITINAKDA NG SELLER SA PAMAMAGITAN NG SULAT. ANG TANGING OBLIGASYON NG SELLER SA PAGBIBIGAY NG BAYAD-PINSALA SA BUYER AY, AYON SA PAGPAPASYA NG SELLER, ANG PAG-AAYOS O PAGPAPALIT SA MGA HINDI NAKAKASUNOD NA PRODUKTO. INAANKO NG BUYER ANG LAHAT NG PANGANIB O ANUPAMANG RESULTA NG PAGGAMIT NG MGA PRODUKTONG BINILI, KUNG GINAMIT MAN ITO NANG ITO LANG O NANG KASAMA NG IBA PANG PRODUKTO O SUBSTANCES. MALINAW NA ITINATANGGI NG SELLER ANG LAHAT NG WARRANTY, INIHAHAYAG MAN O IPINAPAHIWATIG, SA MGA PRODUKTONG HINDI ANG SENSIENT ANG GUMAWA.

Inspeksyon. Responsibilidad ng Buyer na inspeksyunin at subukan ang mga Produkto pagkarating ng mga ito sa pasilidad ng Buyer at bago iimbak o gamitin ang mga ito. Ang anumang claim na gagawin sa ilalim ng Limitadong Warranty ay sa pamamagitan ng pagsulat at tatanggapin ng Seller sa loob ng sampung (10) araw ng trabaho pagkatapos ma-deliver ang mga Produkto, o sa loob ng dalawang (2) araw ng trabaho matapos matuklasan ang anumang hindi pagsunod na maaaring hindi nakita sa makatwirang pag-inspeksyon at pag-test sa oras na na-deliver ito. Kung wala ang naturang maagap naabiso sa Seller, ituturing na tinanggap ng Buyer ang mga Produkto anuman ang kundisyon ng mga ito, at wala nang pananagutan ang Seller para sa anumang hindi pagsunod. Kaagad na ititigil ng Buyer ang paggamit sa mga Produkto kapag may nakitang anumang hindi pagsunod. Ang Buyer ay hindi dapat magsagawa, nang direkta o hindi direkta, o pumayag na magsagawa ang isang third party, ng anumang pagsusuri ng mga Produkto (o mga sample nito) upang matukoy ang kemikal na composition o structure nito, o anumang paggawa ng kopya ng mga Produkto (o mga sample nito) para sa anumang layunin.

Paglabag; Mga Claim ng Third Party; Eksklusibong Bayad-Pinsala. Sa mga Produktong ginawa ng Sensient at ibinibenta rito, kung magkakaroon ng claim ng third party laban sa Buyer na lumantong sa pinal at hindi na maaapelahang hatol ng korte ng naaangkop na hurisdiksiyon na ang mga Produktong ginawa ng Sensient ay lumalabag sa anumang U.S. patent, copyright, o trademark, o maling paggamit ng anumang lihim ng negosyo, magpapasya ang Seller kung, (a) papalitan o babaguhin nito ang mga Produkto upang hindi na lumabag, (b) kukuha ito ng lisensya upang patuloy na magamit ng Buyer ang mga Produkto, o (c) ire-refund nito ang presyo ng pagbili ng mga Produkto at wawakasan nito ang anumang obligasyon na mag-supply ng mga Produkto sa Buyer sa hinaharap. Anuman ang nakasaad sa mga naunang bahagi, walang pananagutan ang Seller sa mga Produktong (a) binili nang mahigit anim (6) na buwan bago ang naturang hatol, (b) ginamit kasama ng anumang device o materyal na hindi ibinigay o inaprubahan ng Seller, (c) binago ng sinuman maliban sa Seller, o (d) ginamit sa anumang paraang hindi itinakdang gamit nito. ISINASAAD SA BAHAGING ITO ANG LAHAT NG PANANAGUTAN NG SELLER AT ANG EKSKLUSIBONG BAYAD-PINSALA SA BUYER PARA SA ANUMANG CLAIM NG PAGLABAG O MALING PAGGAMIT.

Limitasyon ng Pananagutan: Walang claim ng Buyer sa anumang paraan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga claim para sa indemnification, para man ito sa kalidad o dami ng Produktong nai-deliver o hindi nai-deliver, ang magkakaroon ng mas malaking halaga kaysa sa presyo ng pagbili para sa mga Produkto kaugnay ng kung anumang pinsala ang kine-claim. HINDI KAILANMAN MAGKAKARON NG PANANAGUTAN ANG SELLER SA BUYER PARA SA ANUMANG INCIDENTAL, CONSEQUENTIAL, INDIRECT, STATUTORY, SPECIAL, EXEMPLARY, O PUNITIVE DAMAGE, KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA, MGA NAWALANG KITA, KAWALAN NG PAGGAMIT, KAWALAN NG ORAS, PAGKAAABALA, PAGKAWALA NG MGA OPORTUNIDAD SA NEGOSYO, PAGKASIRA NG MAGANDANG IMAHE O REPUTASYON, O PAGKAWALA NG DATA, NA IDINULOT NG, O RESULTA NG, PAGBEBENTA, PAG-DELIVER, PAGESERBISYO, PAGGAMIT, O PAGKAWALA NG MGA PRODUKTONG IBINEBENTA SA ILALIM NITO, NAKABATAY MAN ANG PANANAGUTANG IYONG SA PAGLABAG SA KONTRATA, SINASADYANG PAGKAKAMALI, MAHIGPIT NA PANANAGUTAN, O KUNG HINDI MAN, SA KABILA NG PAGPAPABATID NG TUNGKOL SA MGA NATURANG PINSALA O KUNG MAKATWIRANG MAIIWASAN DAPAT ANG MGA NATURANG PINSALA.

Force Majeure. Hindi magkakaroon ng pananagutan ang Seller para sa anumang hindi pagganap, at hindi ito ituturing na paglabag sa Kontratang ito, dahil sa posibilidad, pagkakaroon, o mga resulta ng anumang pangyayaring wala sa kontrol ng tao; pagbabaha; mga tagtuyot; mga bagyo; mga buhawi; napakalalagan na hangin; matinding imit; matinding lamig; mga matinding panahon; lindol; pagsabog ng bulkan; forest o wild fire; mga mudslide, mga sinkhole, iba pang subsidence, paglambot ng lupa, o matinding pagguho ng lupa; pagkakasakit ng halaman o pinsalang dulot ng insekto; digmaan (idineklara man o hindi), riot, pagkakagulo ng maraming tao, o terorismo; pagguho ng pampublikong imprastruktura; cyber-attack na pumipigil sa produksyon o pag-ship; mga pagkilos ng sibilyan o autoridad ng militar; lehislasyon; pandemya, epidemya, mga lokal na pagkalat ng sakit, mga emergency sa kalusugan ng publiko; quarantine; strike; labor dispute; pagkasira o paninira ng mga makinarya; aksidente; kawalan ng kakayahang makakuha ng mga supply, raw material, labor, kagamitan, fuel, power, mga bahagi, o transportasyon; kawalan ng kakayahang makakuha ng kinakailangang lisensya sa pag-import o pag-export o iba pang lisensya o pahintulot ng anumang awtoridad ng pamahalaan; mga hindi inaasahang pagkaantala sa border, mga sanction, o mga taripa; o anumang dahilan o sitwasyong wala sa kontrol nito, katulad man o hindi sa mga nabanggit sa itaas.

Pagsunod sa mga Batas: Laban sa pangungurakot/Mga pag-export. Susunod ang Buyer sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon kaugnay ng pagsasagawa nito ng Kontratang ito, kabilang ang mga naaangkop na mga batas at regulasyon laban sa pangungurakot at pag-export ng U.S., E.U., at iba pa.

Ipinapatupad na Batas at Hurisdiksiyon. Ang validity, pagbuo, at pagpapatupad ng Kontratang ito ay tutukuyin at papangasiwaan ng mga batas ng State of New York, United States, nang walang pagtuturing sa mga alituntunin para sa salungatan ng mga batas. Hindi malalapat ang Kasunduan ng U.N. sa Mga Kontrata para sa Internasyonal na Pagbebenta ng mga Produkto (U.N. Convention on Contracts for the International Sale of Goods). Ang mga korte ng estado ng New York ang may eksklusibong hurisdiksiyon sa anumang salungatang kaugnay ng Kontratang ito.

Kaugnayan ng mga Partido/Hindi Pagtatalaga. Ang Kontratang ito ay hindi maililipat ng alinmang partido nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng kabilang partido, maliban sa bahaging maaaring italaga ng Seller ang Kontratang ito nang walang pahintulot ng Buyer kung ang pagtatalagang ito ay para sa affiliate o kung isinasagawa ang pagtatalaga bilang bahagi ng isang merger, restructuring, o reorganization, o pagbebenta o paglilipat ng lahat o halos lahat ng mga asset ng Seller.

Miscellaneous. Ang Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito ang tangi at eksklusibong pahayag ng pag-unawa at pagsang-ayon ng mga Partido kaugnay ng mga transaksyong kabilang sa pagbebentang ito, anuman ang iba pang tuntuning maaaring nakasaad sa anumang purchase order o iba pang pasalita, pasulat, o electronic na pakikipag-ugnayan ng Buyer na isinumite sa Seller. Binubuo ng Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito ang buong kasunduan sa pagitan ng mga Partido kaugnay sa paksang hinggil dito at maaari lamang itong baguhin o palitan sa pamamagitan ng sulat na nilagdaan ng mga awtorisadong kinatawan ng parchong Partido. Walang waiver ng Seller o ng alinman sa Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito o anumang paglabag na nauugnay dito ang ituturing na waiver ng anumang naturang tuntunin o anumang naturang paglabag sa anumang sitwasyon. Walang waiver ng Seller ang ituturing na resulta ng hindi pagpapatupad ng anumang tuntunin o kundisyon ng Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito. Kung hahatulan ng korte ng naaangkop na hurisdiksyon ang anumang clause o bahagi nito bilang ilegal, hindi valid, o hindi maaaring ipatupad, mananatiling may ganap na bisa ang mga natitirang clause o bahagi. Ang mga paragraph heading ay para lamang sa madaling pagbabasa at hindi ito gagamitin sa pag-interpret o pagpapakahulugan ng Mga Pangkalahatang Tuntunin na ito.